


Arts

Ikatlong Markahan – Modyul 5: Panimulang Paghuhudhod



**Arts – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 5: Panimulang Paghuhudhod
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot buhat sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Welinda A. Payot
Editors:	Eden Lynne V. Lopez, Mariel A. Alla
Tagasuri:	Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon
Tagaguhit:	Eric T. Hingabay
Tagalapat:	Eden Lynne V. Lopez, Oliver O. Ostulano
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma Raul D. Agban
	Arnulfo M. Balane Lorelei B. Masias
	Rosemarie M. Guino David E. Hermano, Jr.
	Joy B. Bihag Shirley L. Godoy
	Ryan R. Tiu Eva D. Divino
	Nova P. Jorge Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov

5

Arts

Ikatlong Markahan – Modyul 5: Panimulang Paghuhudhod

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang paglilimbag ay isa sa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas ng isang kinulayang bagay. Sa pamamagitan ng kulay mapagyayaman ang ganda ng mga gawaing sining dahil ito ay nagpapakita ng damdamin at imahinasyon ng gumawa.

Ang paghuhudhud ay isa sa mga paraan ng pag-iwan ng bakas ng isang bagay upang makabuo ng isang kawili-wiling disenyo. Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay makasunod sa tamang pamamaraan sa paglikha ng disenyo (A5PR-III^f) at inaasahang makamit ang sumusunod:

- a. Nakikilala ang dalawang paraan sa paglikha ng disenyo gamit ang panimulang paghuhudhud.
- b. Nakasusunod sa tamang pamamaraan sa paglikha ng disenyo.
- c. Naipagmamalaki ang mga sariling likhang-disenyo.



Subukin

Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga paraan sa paglikha ng disenyo. Lagyan ng bilang 1-10 sa patlang ayon sa pagkasunod-sunod nito.

- _____ Mag-isip ng sariling disenyo at iguhit ito sa karton.
- _____ Kunin ang dalang karton.
- _____ Ayusin ang disenyo sa ibabaw ng isang karton at idikit ito.
- _____ Patuyuin at ipaskil ang natapos na gawain.
- _____ Ihagud nang dahan-dahan hanggang sa mailipat ang disenyo sa papel.
- _____ Linisin ang lugar na pinaggawaan at ilagay ang mga materyales sa tamang lalagyan.
- _____ Linisin ang mesang pag-gagawan at lagyan ng lumang diyaryo.
- _____ Kumuha ng isang papel at ilagay ito sa ibabaw ng disenyo.
- _____ Kulayan ito ng pintura gamit ang *brush*.
- _____ Kunin ang gunting at gupitin ang disenyong iguguhit sa karton.

Panimulang Paghuhudhod

Ang paghuhudhod ay isa sa mga paraan ng pag-iwan ng bakas ng isang bagay upang makabuo ng isang kawili-wiling disenyo.



Balikan

Naranasan mo na bang gumawa ng isang disenyo? Anong disenyo ito? Ano-anong kagamitan ang ginamit mo sa paggawa ng disenyo? Gumawa ng isang halimbawa ng disenyo na inyong nagawa.



Tuklasin

Pagmasdang mabuti ang mga larawan at sagutin ang katanungan sa ibaba. Isulat ang tamang sagot sa patlang.



1. Ano ang masasabi mo tungkol dito?
2. Anong kagamitan ang ginamit sa pagbuo ng disenyong ito?
3. Paano ginagawa ang disenyong ito?



Suriin

Ang paghuhudhod ay isa sa mga paraan ng pag-iwan ng bakas ng isang bagay upang makabuo ng isang kawili-wiling disenyo.

May dalawang paraan sa paghuhudhod:

1. Isa nito ay ang paglagay ng isang bagay o dahon sa ilalim ng papel at ihudhod ang krayola sa ibabaw ng papel upang makaiwan ng bakas.
2. Ang pangalawa ay ang paglipat ng isang kinulayang disenyo sa ibang papel.

Narito ang mga hakbang sa paggawa sa paglipat ng isang disenyo sa ibang papel:

1. Linisin ang mesang paggagawan at lagyan ng lumang diyaryo.




2. Kunin ang dalang karton.



3. Mag-isip ng sariling disenyo at iguhit ito sa karton.




4. Kunin ang gunting at gupitin ang disenyong iginuhit sa karton.




5. Ayusin ang disenyo sa ibabaw ng isang karton at idikit ito.




6. Kulayan ito ng pintura gamit ang brush.




7. Kumuha ng isang papel at ilagay ito sa ibabaw ng disenyo.




8. Ihagod ng dahan-dahan hanggang sa mailipat ang disenyo sa papel.



9. Patuyuin at ipaskil ang natapos na gawain.






Pagyamanin

Gawain 1

Kilalanin ang sinunod o paraang ginamit upang mabuo ang bawat disenyo.



1. Ano ang paraang ginamit sa pagbuo ng unang larawan?
2. Ano naman ang paraang ginamit sa pagbuo ng ikalawang larawan?

Gawain 2

Sundin ang mga hakbang sa paggawa batay sa ating tinalakay at gumawa ng disenyo gamit ang ang papel, dahon, at krayola. Tingnan mo muna ang rubriks para sa mga kaukulang puntos.



1. Ano ang nabuo mong disenyo?
2. Anong kagamitan ang ginamit sa pagbuo ng disenyong ito?
3. Nasunod mo ba nang wasto ang mga hakbang sa pagbuo nito?

Lagyan ng tsek ang kolum ayon sa pamantayan sa pagbuo ng disenyo.

PAMANTAYAN	Nakasunod sa pamantayan ng higit sa inaasahan	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang	Hindi nakasunod sa pamantayan
1. Nakabuo ako ng disenyo sa pamamagitan ng paglilimbag.			
2. Nagamit ko ang kulay ayon sa katangian nito.			
3. Nakagawa ako nang mag-isa.			
4. Naipakikita ko ang pagiging maingat sa mga kagamitan.			
5. Nakatapos ako ng gawain sa inilaang oras.			

Gawain 3

Bilang mag-aaral, paano mo maipakikilala sa ibang tao ang iyong sariling likhang disenyo?



Isaisip

Punan ng mga salita ang sumusunod upang mabuo ang kaisipan. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.

Ang natutuhan ko sa modyul na ito ay _____



Isagawa

Sundin ang mga hakbang sa paggawa ng disenyong ating tinalakay gamit ang papel, lapis, pintura, gunting, diyaryo at karton. Tingnan mo muna ang rubriks para sa mga kaukulang puntos.

1. Ano ang nabuo mong disenyo?
2. Anong kagamitan ang ginamit sa pagbuo ng disenyong ito?
3. Nasunod mo ba nang wasto ang mga hakbang sa pagbuo nito?

Lagyan ng tsek ang kolum ayon sa pamantayan sa pagbuo ng disenyo.

PAMANTAYAN	Nakasunod sa pamantayan ng higit sa inaasahan	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang	Hindi nakasunod sa pamantayan
1. Nakabuo ako ng disenyo sa pamamagitan ng paghuhudhod.			
2. Nagamit ko ang kulay ayon sa katangian nito.			
3. Nakagawa ako nang mag-isa.			
4. Naipakita ko ang pagiging maingat sa mga kagamitan.			
5. Nakatapos ako ng gawain sa inilaang oras.			



Tayahin

A. Panuto: Kilalanin ang sinunod o paraang ginamit sa pagbuo ng bawat disenyo.





1. Ano ang paraang ginamit sa pagbuo ng unang larawan?

2. Ano ang paraang ginamit sa pagbuo ng pangalawang larawan?

B. Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga paraan sa paglikha ng disenyo. Lagyan ng bilang 1-10 sa tapat ng larawan ayon sa pagkasunod-sunod nito.







Karagdagang Gawain

Paano mo tutulungan ang isang nagtitinda ng kakanin sa iyong lugar upang makilala ang kanilang produkto ng mga tao? Igawa mo siya ng poster.

Rubriks para sa Likhang-Sining sa pagbigay ng puntos sa “Isagawa”

Mga Sukatan	Higit na nasusunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining	Nasusunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining	Hindi nasusunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining
	5	3	2
1. Isinagawa ang paglilimbag gamit ang wastong teknik o pamamaraan.			
2. Malinaw ang pagkakalimbag at kitang-kita ang paksa nito.			
3. Maganda, angkop, at nababagay sa paksa ang ginamit na mga kulay.			
4. Malinis at maingat sa paggamit ng mga kagamitan			



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>3 2 5 9 8 10 1 7 6 4</p> <p>Balikan</p> <p>Depende sa sagot ng mag-aaral</p> <p>Tuklasin</p> <p>1. Ito ay disenyon ng nabuo mula sa bakas ng mga dahon</p> <p>2. papel, dahon at krayola</p> <p>3. Ilagay ang dahon sa ilalim ng papel at ikuskus ang krayon sa papel mag-aaral</p>	<p>Gawain 1</p> <p>1. Ito ay paghuhud ng krayola sa ibabaw ng dahon.</p> <p>2. Ito ay paghuhud ng papel sa ibabaw ng kinulayang desinyo.</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. Paggawa ng isang disenyo(Disenyo ng Bata)</p> <p>2. Papel, dahon at krayola</p> <p>3. Opo nasunod ko ang mga hakbang</p> <p>*Sumangguni sa Rubriks</p> <p>Gawain 3</p> <p>Maipagamamalagi ko ang likhang sining sa pamamagitan ng pagpaskil nito at pag-anyaya sa mga kamag-aral ko sa paglikha din nito.</p> <p>hakbang</p>	<p>Isagawa</p> <p>1. Paggawa ng isang disenyo (Disenyo ng Bata)</p> <p>2. Papel, lapis, karton, glue, pinta at brush</p> <p>3. Opo nasunod ko ang mga hakbang</p> <p>*Sumangguni sa Rubriks</p> <p>Tayahin</p> <p>a.</p> <p>1. Ito ay paghuhud ng krayola sa ibabaw ng dahon.</p> <p>2. Ito ay paghuhud ng papel sa ibabaw ng kinulayang desinyob.</p> <p>b. $\frac{8523}{14679}$</p> <p>Karagdagang Gawain</p> <p>1. Nakakabuo ako ng isang kawili-wiling disenyo (Rubrik)</p> <p>2. Paggasa ng disenyo</p>
--	--	--

Sanggunian

Copiaco, Hazel, and Emilio Jacinto Jr. *Halinang Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016, 2016, pp. 140

Valdecantos, Emelita. *Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Guevarra St., Sta. Cruz Manila: Saint Mary's Publishing Corp., 1999, pp. 58

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph